# Seven Oaks School Division
## Kagawaran ng Transportasyon

1985 Grassmere Road, West St. Paul, MB  R4A 6A3
Telepono 204-338-7051    Numero ng Fax. 204-334-6889


Para sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga mag-aaral na kwalipikado sa bus at sa mga hinihiling na maihatid ng bus;

Ipinapaalam sa inyo na binago ng Division ang kanilang patakaran sa transportasyon. Ang mga mag-aaral sa Kindergarten – Grade 6 ay dapat na ngayong nasa 1.6 km para maging kwalipikadong ihatid ng bus.

Ang lahat ng mag-aaral na nakatira sa loob ng 1.6 km o higit pa na papasok na sa Grade 7 ay hindi na kwalipikadong maihatid ng walang bayad ayon sa Patakaran ng Seven Oaks School Division.

Maipagkakaloob lang ang transportasyon na batay sa kaukulang bayad ng user kung may available na espasyo sa kasalukuyang ruta ng bus. Kinakailangan ng pinakamababang distansiya na 1.3 km para makabili ng puwesto sa bus. Hindi magagarantiya na makakakuha ng puwesto sa bus, aabisuhan ang mga mag-aaral sa Setyembre.

| **Mga Singil para sa Isang Mag-aaral** | |
|---|---|
| Grade K – 5 | $ 596.00 |
| Grade 6 – 8 | $ 666.00 |

| **Dalawa o higit pang mag-aaral (Family Maximum)** | |
|---|---|
| Dalawa o higit pa na nasa K hanggang Grade 5 | $ 1,092.00 |
| Isang nasa K hanggang Grade 5 at isang nasa Grade 6 hanggang Grade 8 | $ 1,162.00 |
| Dalawa o higit pa na nasa Grade 6 hanggang Grade 8 | $ 1,232.00 |
| Isang nasa K hanggang Grade 5 at isang nasa | |

**Ang mga singil ay batay sa mga grade ng dalawang pinakamatandang mag-aaral.**
Nakakatanggap ng libreng transportasyon ang pangatlong mag-aaral (sa pamilya na may 3 o higit pang miyembro) gamit ang Family Maximum na listahan ng mga singil. (Inaalis na sa Family Maximum ang diskuwento, kung mayroon.)

---

### MGA OPSYON SA PAGBABAYAD

- Ang **Eksaktong Pera** (walang sukli ang mga opisina) na dapat Bayaran nang buo, ay puwedeng gawin sa opisina ng paaralan o sa Transportation Office
- **Tseke** na Babayaran nang buo (money order o bank draft) **na babayaran sa: Seven Oaks School Division.** Puwedeng post dated (petsa sa hinaharap ang nakasulat) ang tseke na hindi lalampas sa Agosto 30, 2024.
- **Interac** na Babayaran nang buo on-line sa Parent Connect o nang personal sa Transportation Office
- **Visa/MasterCard**

a) Personal na babayaran ng buo sa Transportation Office

b) Puwedeng bayaran on-line sa Parent Connect (Babayaran nang buo o kada quarter sa ika-1 ng Setyembre, ika-1 ng Nobyembre, ika-1 ng Enero, ika-1 ng Marso)

**MGA BUWANANG BAYAD:**

**Pre-Authorized Debit Form** na nakumpleto at inilakip nang may kasamang void na tseke o confirmation letter mula sa bangko

10 pareho-parehong pagbabayad buwan-buwan na magsisimula sa **unang pagbabayad na nakatakdang bayaran sa ika-1 ng Setyembre** at pagkatapos ay **bawat buwan mula Oktubre 1, 2024 hanggang Hunyo 1, 2025** (o ang unang araw ng opisina na pinakamalapit sa ika-1 ng buwan.)

***Dapat magbigay ng abiso sa loob ng 10 araw ng opisina bago ang simula ng buwan kung may magbabago sa impormasyon sa bangko***